**IKATLONG MARKAHAN**
**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan VI**

Name: ________________________ Date: _____________
Grade/ Section: ________________ Teacher: __________

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

_____1. Si Aling Mila ay marunong manahi sa makina. Dadalo ng isang party ang kanyang anak na babae at
kailangan nito ng damit na isusuot kaya nagpatahi siya ng damit sa kanyang nanay. Ano ang kabutihang naidulot kay Aling Mila ng kasanayan sa pananahi?
a. Nakababawas sa gastos ng pamilya. c. Nagsisilbing libangan.
b. Nakapagbibigay ng karadagang kita sa pamilya. d. Napapaunlad ang pagkamalihain.

_____2. Maraming retaso sa inyong bahay. Inipon mo ito at ginamit mo sa pananahi ng pot holder. Nakita ito ng
iyong ina at siya ay ________________.
a. nagagalit dahil napakinabanagn ang retaso
b. nasusura dahil pangit ang pagkakagawa mo ng pot holder.
c. natutuwa dahil napakinabangan ang retaso
d. nanghihinayang dahil ginawa mo na lang na pot holder ang retaso

_____3. Maraming marunong manahi sa pamayanan na kinabibilangan ni Aling Venus kaya naisipan ng isang
negosyante sa kanilang lugar na magtayo ng isang tahian sa kanilang barangay. Ano ang kabutihang dulot nito sa mga mamamayan doon?
a. Magkakaroon ng mauutangan ang mga tao sa pamayanan.
b. Magkakaroon ng hanapbuhay ang mga mamamayan sa pamayanan.
c. Dadami ang turista sa kanilang pamayanan.
d. Walang kabutihang dulot ito sa pamayanan.

______4. Nananahi ng kurtina ang nanay ni Christelle. Sa tuwing nakakatapos ito ng kurtina ay tinutulungan niya ang nanay niya sa paglalagay pagdedesenyo ng mga ito. Anong ugali ang ipinakita ni Angela?
a. pagiging matulungin c. pagiging malikhain
b. pagiging masipag d. lahat ng nabanggit

_____5. Alin sa mga sumusunod ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa paggawa ng kagamitan/kasuotang pangkusina?

a. Pag-alam ng tamang sukat ng padron na angkop sa sarili.
b. Pagpili ng telang angkop sa gagawing kagamitan/kasuotang pangkusina.
c. Paggawa ng padron.
d. Pananahi.

a. a-c-b-d c. b-a-c-d
b. b-c-a-d c. a-b-c-d

_____6. Nais gumawa ni Dannah ng apron na gagamitin sa kanilang bahay. Anong hakbang ang una niyang dapat gawin?
a. Paghahanda ng mga kagamitan sa pagtatabas/pananahi.
b. Pag-alam ng tamang sukat na angkop sa sarili.
c. Pagtutuwid ng tela/pamamalantsa.
d. Pagpili ng telang angkop sa gagawing apron.

______7. Isang retiradong guro si Aling Leybeth. Bukod sa panonood ng telebisyon sa libre niyang oras ay ginugugol rin niya ito sa pananahi ng mga punda at kurtina. Ano ang kabutihang naidulot ng pananahi kay Aling Ester?

a. Nakababawas sa kanyang gastusin. c. Nakapagpapaunlad ng pagiging malikhain.
b. Nakadadagdag sa kita ng pamilya. d. Nasisilbing libangan.

_____8. Baguhang mananahi pa lamang si Jenny at nais niyang magtahi ng punda ng unan. Pumili siya ng telang madaling tahiin, malambot at madulas. Alin sa mga sumusunod ang telang kanyang ginamit?

a. linen c. nylon
b. wool d. cotton

_____9.. Ano ang tawag sa uri ng tela na galing sa bahay ng isang uri ng uod?

a. koton c. seda
b. linen d. sintetiko

_____10. Upang malinis at maayos tingnan ang gilid ng pot hoder, anong uri ng tahi ang dapat gawin dito?

a. blanket stitch c. French seam
b. back stitch d. flat felled seam.

_____11. Sa pamimili ng mga gagamitin sa pagtatahi ng gagawing proyekto ay naisipan ni Rica na gumawa ng listahan ng mga kailangan niya. Ano ang kabutihang naidulot nito sa kanya?

a. Naging masaya ang pamilya. c. Nakatipid siya sa oras at lakas.
b. Nagamit niya ang kanyang pagkamalikhain. d. Nakadagdag sa badyet ng pamilya.

_____12. Matapos magawa ni Diane ang proyekto niyang apron ay pinaggawa sila ng kanilang guro ng iskorkard. Dito lalagyan niya ng marka ang sariling proyektong kanyang ginawa. Napansin niyang hindi tuwid ang tahi ng kanyang proyekto. Paano niya bibigyan ng iskor ang kanyang proyekto?

a. Lagyan ito ng mataas na marka kahit may mali sa kanyang ginawa.
b. Iutos sa kaklase ang paglalagay ng iskor.
c. Lagyan ito ng iskor na mas mataas kaysa sa kanyang mga kaklase.
d. Maging matapat sa paglalagay ng iskor kahit mas mababa ito sa iskor ng mga kaklase.

_____13.Alin sa mga sumusunod ang dapat iwasan kapag nananahi upang masigurong ligtas ang mga tao sa iyong paligid?

a. Paglalagay ng lahat ng gamit sa pananahi sa isang sewing box.
b. Pagpapanatiling maayos ng lugar tahian.
c. Paglalagay ng mga karayom at iba pang matutulis na bagay kung saan-saan.
d. Pagliligpit ng mga kagamitan sa pananahi pagkatapos gamitin.

_____14. Ano ang tawag sa isang paraan ng paglilipat ng disenyo sa pamamagitan ng paggamit ng carbon paper at lapis?

a. pagpaplantsa c. pagtatatak
b. pagbabakat d. pagguguhit

_____15. Bakit mahalaga na sundin ang mga tamang hakbang sa paggawa ng isang proyekto?

a. Upang hindi masayang ang oras. c. Upang masiguradong tama ang iyong ginagawa.
b. Upang madaling matapos ang gawain. d. lahat ng nabanggit

_____16. Inatasan ang klase nina Jessa na gumawa ng plano gagawin nilang proyekto. Nais makita ng kanilang guro ang kabuuang anyo ng gagawin niyang proyekto. Saang bahagi ng plano ito makikita?

a. Pangalan ng Proyekto
c. Guhit/Krokis
b. Mga Layunin
d. Paraan ng Paggawa

_____17. anong uri ng tela ang angkop sa isang natatnging okasyon?

a. marangal b. simple c. kahit ano d. makapal

_____18. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa salaping nakalaan sa pagbili ng tela?

a. kulay b. badyet c. disenyo d. okasyon

_____19. Natapos na ni Ryza ang kanyang binurdahang punda nais niya itong ipabenta. P 75.00 ang kabuuang gastos niya dito at nais niyang dagdagan ng 20% ang halaga nito upang kahit paano ay magkaroon siya ng kita.Magkano niya ito maipagbibili?

a. P. 80.00
c. P100.00
b. P 90. 00
d. P110.00

_____20. Umunlad ang kabuhayan ni Mang Vic mula nang magtayo siya ng palaisdaan. Tuwang-tuwa siya at nakapag-aral pa ang kanyang anank. Alin sa mga sumusunod ang kabutihang naidulot sa kanya ng pag-aalaga ng isda?

a. Dagdag na kita sa mag-anak.
c. Dagdag na pangangailangan pagkain
b. Nakapagpapaganda ng kapaligiran.
d. Mabuting libangan ng mga kasapi ng mag-anak.

_____21. Matapos ang ilang araw na pananahi ay natapos din Roselle ang kanyang walking shorts. Maayos at maganda ang pagkakagawa niya sa proyekto kaya tinanghal siyang "Mananahi ng Taon" sa kanilang klase. Sa paanong paraan niya maipapakita ang pagpapahalaga dito?

a. Gawin itong inspirasyon upang makagawa pa ng ibang mga proyekto.
b. Ipagyabang ang walking shorts na ginawa sa mga kaklase.
c. Huwag pansinin ang proyekto dahil nabigyan na naman ito ng marka.
d. Itapon ang ginawang proyekto pagkatapos bigyan ng marka ng guro.

_____22. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga salik na dapat isaalang-alang sa pagpili ng isdang aalagaan?

a. uri ng palaisdaan
c. paggawa ng palaisdaan
b. tubig na gagamitin
d.wala sa nabanggit

_____23. Walang trabaho si Mang Jimdel ngunit may sapat siyang perang pupuhunanin. Naisipan niyang magtayo ng palaisdaan ngunit marami siyang dapat ihanda o gawin bago makapagtayo nito. Alin sa mga sumusunod ang dapat muna niyang ihanda?

a. palaisdaan
c. plano ng palaisdaan
b. pagkain ng isda
d. dami ng isdang aalagaan.

_____24. Ano ang tawag sa maka-agham na paraan ng pag-aalaga ng isda kung saan pinaparami ang mga ito sa pamamagitan ng pagkuha ng simen sa lalaking isda at isasalin sa babaing isda?

a. fish cage
c. palay-isdaan
b. artipisyal na insiminasyon
d. palaisdaang putik

_____25. May-ari ng isang malaking palaisdaan si Mang Ben. Upang mabilis na dumami ang mga isda dito ay gumagamit siya ng gamot at iba pang artipisyal na gawain. Anong makaagham na paraan ng pag-aalaga ng mga isda ito?

a. fish cage
c. palaisdaang putik
b. palay-isdaan
d. artipisyal na insiminasyon

_____26.Naatasan si Juan na magbantay ng kanilang palaisdaan. Anong oras ang tamang pagpapakain sa mga ito?

a. umaga
c. tanghali
b. gabi
d. umaga at hapon

_____27. Pangingisda ang hanapbuhay ng Mang John Roy. Marami siyang isdang huli isang araw dahil gumamit siya ng coral o pabahay na yari sa lambat at kawayan. Anong paraan ng panghuhuli ng isda ito?

a. pamamaklad
c. pamamante
b. pamumuktot
d. pamimingwit

_____28.Sina Romy at Nilo ay manghuhuli ng isda sa pamamagitan ng pangingitang. Alin sa mga sumusunod ang unang dapat nilang ihanda?

a. patpat
c. pain
b. kawayan
d. lambat

_____29. Napagkasunduan ni Juan at Pedro na mangisda sa tabing ilog. Nagdala silang kawayan at kinabitan ng pisi at sima sa dakong dulo at nilagyan nila ng paing bulati. Anong paraan ng panghuhuli ng isda ito?

a. pamumukot
c. pamamante
b. pamamaklad
d. pamimingwit

_____30. Si Mang Rowel ay gumagamit ng isang malaki at mahabang sisidlan o kulungan na yari sa yantok at kawayan na nilalagyan ng pabigat upang huwag matangay ng agos o alon.Anong pamamaraan ng pag-aani ng isda ang kanyang ginawa?

a. paggamit ng sakag
c. pagpukot
b. paggamit ng bubo
d. paggamit ng kitang

_____31. Anong uri ng pagbebenta ng isda ang ginagawa ng mga humahango ng isda bago nila ito itinda ng tingian?

a. patakal
c. maramihan/lansakan
b. pabilang
d. tingian o por kilo

_____32. May lumapit kay Mang Atong na isang mammimili at nakiusap na bahaginan siya ng ilang pirasong isda para sa kanyang panauhin sa bahay. Binigyan naman ito. Anong paraan ng pagbibili ng isda ito?

a. pabilang
c. por kilo
b. tingian
d. lansakan

_____33. Maliit lamang ang puhunan ni Aling Grace sa pagtitinda ng isda. Humahango lamang siya ng malilit na hipon, alamang at dulong at ipinagbibili niya ito na ang sukatan ay lata. Anong paraan ng pagbibili ito?

a. por kilo
c. lansakan
b. patakal
d.pakyawan

_____34.Nakwenta ni Aling Marta na umabot sa P 8, 000.00 ang nabili niyang materyales para sa itinayong palaisdaan kaya inilagay agad niya ito sa kanyang talaan. Saang bahagi ng talaan niya ito dapat isama?

a. pinagbilhan
c. natira/kinita
b. pinakagastusan
d. tubo

_____35. Napansi mong maisara ang pinto ng inyong bahay. Ano kaya ang sira ditto?

a. turnilyo
c. bisagra
b. pako
d. hamba

_____36. Nawalan ng daloy ang kuryente nina Mang Juan. Kinuha niya ang mga gamit niya sa pagkukumpuni ng mga sira. Alin sa mga ito ang gamit sa pagsubok sa inaaayos na daluyan ng kuryente?

a. plais
c. distunilayador
b. main switch
d. tester

_____37. Napansin ni Rico na may pakong nakausli sa kanyang upuan. Alam niyang maaari itong makasira ng kanyang damit at makasugat. Ano ang dapat niyang gawin ditto?

a. baluktutin
c. bunutin at itapon
b. ibaon sa pamamgitan ng martliyo
d. pabayaang nakausli

_____38. Nawalan ng kuryente kina Lito kaya kumuhan siya ng mga gamit upang ayusin ito. Napansin niyang basa pala ang kanyang kamay. Ano ang dapat niyang gawin?

a. Hayaan nalang na basa ito.
b. Gumamit ng plais upang putulin ang alambre.
c. Kumuha ng basahan at ibalot ito sa kamay na basa.
d. Kumuha ng basahan at tuyuin ang basing kamay bago magkumpuni.

_____39. Barado ang lababo nina Mona. Anong kagamitan ang maaari niyang magamit upang maayos ito?

a. metro
c. patpat
b. gomang pambomba
d. glabs

_____40. Tumutulo ang bubong nina Dexter. Ano ang dapat niyang gawin upang maayos ito?

a. Bumili na lamang ng bagong bubong.
b. Tapalan ng bubble gum ang bahaging may butas.
c. Lagyan ng dahon ng niyog ang bahaging may butas.
d. palitan ang bahagi ng sirang bubong o lagyan ng vulcaseal.

Pagsunud-sunurin ang mga hakbang sa pagpapalit ng sirang piyus. Lagyan ng A-E.

_____41. Patayin ang linya ng kuryente sa pangunahing switch.
_____42. Buksan muli ang pangunahing switch upang muling dumaloy ang kuryente.
_____43.Buksan ang takip ng pangunahing switch.
_____44. Aalisin sa pamamagitan ng long nose pliers ang piyus na hindi na gumagana at palitan ng bago.
_____45. Isara ang takip ng pangunahing switch.

_____46. Ano ang tawag sa kasunduang pinapasok ng isang negosyante upang mapalawak ang kanilang negosyo?

a. Memorandum of Agreement
c. Memorandum of Argument
b. Memorandum of Assignment
d. Memorandum of Attendance

_____47. Ang __________ ay makukuha sa pamamagitan ng pagbawas ng halaga ng pinamili sa halaga ng napagbilhan.

a. puhunan c. tubo

c. halaga ng nalugi d. interes

_____48. Si Mang Hernan ay nangangailangan ng mga tinder sa itatayo niyang tindahan. Alin sa mga sumusunod ang katangiang dapat taglayin ng kanyang tindera?

a. Masungit at magagalitin. c. Mabuting makitungo sa mga mamimili.

b. Maganda at matangkad. d. Walang pakialam sa mamimili.

_____49. Si Maya ay nagtatrabaho sa tindahan ni Aling Puring. Lagi siyang maagang pumasok at madalang magkasakit. Ano ang magandang katangian ni Maya?

a. Malusog at maayos ang pangangatawan. c. May malasakit sa tindahan.

b. Mabuting makitungo sa mamimili d. Matapat sa mamimili.

_____50. Si Aling Puring ay nagbabangko ng mga perang kinita niya. Sinisigurado niyang naglalaan siya ng porsyento ng kaniyang kinita para idagdag sa kanyang ipon. Anong katangian ang ipinamalas ni Aling Puring?

a. pagiging matipid c. pagiging maingat

b. pagiging bulagsak d. pagiging masipag